**Pamagat**: Ang Tagapagtanggol

**Texto**: Ps 119:153 ¶ RESH. Consider mine affliction, and deliver me: for I do not forget thy law.
*Pagsasalin*: RESH. Pakundanganan mo ang aking kadalamhatian at iligtas mo ako; sapagka't hindi ko kinalilimutan ang iyong kautusan. (Psalmo 119:153)

**Panimula**:

1. Itong ikadalawampung seksyon (RESH) ay panalangin para sa pagpapatunay at pagpapanumbalik. Isa siyang tunay na anak ng Diyos; Hindi niya nakakalimutan ang batas ng Panginoon (v.153), hindi siya lumalayo o humihiwalay sa patotoo ng Panginoon (v.157); Iniibig niya ang mga utos ng Diyos (v.159); Alam niya na ang kabuoan ng kaniyang salita ay katotohanan, at ang kaniyang matuwid na kahatulan ay magpakailanpaman (v.160).
2. Ang ibig sabihin nitong octinary (na RESH) ay bagamat tayo ay Christiano, hindi tayo Malaya sa gulo o hirap. Hindi lamang physical na hirap, meron rin pagdududa (hirap na na sa isip).
3. (v.154) Ipaglaban mo po ang aking kapakanan. Imbis na siya ang lumaban, o ipinaglalaban niya ang kaniyang mga karapatan, ay hinayaan niya na ang Panginoon ang magtanggol sa kaniya.
    a. Lalo na sa mga kaaway o kalaban niya sa buhay. (v.155 masasama; v.157 manguusig; v.158 mga transgressors).
    b. At ang panalangin niya ay siya ay buhayin (v. 154, 156, 159 – Quicken – to make alive). Upang subalit sa takot at pagdududa o ano mang kahirapan ay makakayanan ko sa pamamagitan ng lakas ng Panginoon na gumawa ng tama at kalugodlugod sa harap ng Diyos.

**I. Lahat ng mga Anak ng Diyos ay mayroong Tagapagtanggol**:

A. Ito ay si Jesu-Cristo. (1 John 2:1) – "Advocate" – Tagapamagitan o Tagapagtanggol.
B. Nararanasan ng maraming Christiano na paminsanminsan palpak ang kanilang salita, isip, sagot. Napaka laki, tila, ang mga kasalanan ko, naparami ang mga pagkakamali ko at pagkukulang.
C. Ito ay isang napakahalagang prinsipiyo: Pwede tayong manalangin (Ps. 119:154a) – "Panginoon, ipaglaban mo po ako!" O Ibinabalik ko po ito sa iyo, Panginoon.
D. Ang Tagapamagitan ay parang isang Tagapagtanggol (Abogado). At kailangan natin nito kasi mayroon tayong Akusador o Nagsusumbong, Sumasakdal, Tagapagparatang (sa kapatiran) ay si Satanas (Pahayag 12:10). Walang humpay, walang tigil ang kaniyang mga gawa laban sa atin, kaya kailangan talaga natin ng Tagapamagitan (Rom. 8:33,34; Heb. 7:25; 9:24).

**II. Hindi ito Lisensya para Gumawa ng Kabaluktutan**:

A. Itong pagtatanggol ng Panginoon sa atin ay hindi ibig sabihin na pwede natin gawin kahit na anong gusto nating gawin, total patatawaran naman tayo ng Dios.
B. Nakita na natin sa pasimula na ang anak ng Diyos ay mayroong pagibig sa mga utos ng Diyos. (Hindi tayo sumusunod sa mga utos ng Diyos para tayo ay maligtas, pero, tayo ay sumusonod dahil o sapagakat tayo ay na sa kaniya at kaniyang iniligtas na).
C. Iwasan natin ang maling paniniwala at pagiisip na maari nating gamitin ang awa ng Diyos bilang pagaabuso ng ating kalayaan.
D. Yun mga gumagawa nang ganito ay hindi ligtas (Jude 4). "…pinapalitan ang grasya ng Diyos sa kahalayan o kalaswaan…."

**Katapusan**:

1. Ang dugo ng Panginoong Jesus ay ang nagtatanggal ng ating mga kasalanan at karumihan. (Heb. 12:24 – ang dugong pangwisik na nagsasalita…; 1 Jn. 1:9).
2. Magpasalamat tayo at lagin tandaan, si Jesus ang ating Tagapamagitan!